## V. MGA KATUNGKULAN NG SERVANT LEADER

Ang katungkulan ng isang servant leader ay ang tamang pangangasiwa ng panahon, abilidad at resources ng kanyang mga pinangungunahan. Napapaloob dito ang gawaing pag-organize, pag-direct at pag-control upang ang layunin ng group ay maisakatuparan.

**TIME OUT**

Sa iyong pagkakauanawa, bigyan mo ng kahulugan ang bawat salita base sa iyong nalalaman o pagkaunawa.

A. Organize - ______________________________________________________________
______________________________________________________________

B. Direct - ______________________________________________________________
______________________________________________________________

C. Control - ______________________________________________________________
______________________________________________________________

**PAG-ARALAN at PAG-USAPAN:**

### 1. ORGANIZE

Ang salitang ito ay nangangahulugang gumawa ng magkakahiwalay na bahagi sa isang nagkakaisang kabuuan. Ito rin ay isang process upang ilagay sa ayos o systema ang isang bagay. Sa kabuuan, ang pag-o-organize ay ang pagbubuo ng magkakaugnay o magkakatugmang bahagi.

Ang pag-organize ay nagsisimula sa pag-recruit. Ito ay isinasagawa kung nagsisimula pa lang ang iyong binubuong group or organization. Sila ang mga taong iyong pangungunahan, mga taong iyong makakasama gaya ng mga kapwa mo kabataan. Ito ang unang test sa leadership. Ang mag-recruit ng mga taong mapepersuade mo upang makiisa sa iyong layunin at pagkakatiwalaan kang pangunahan sila.

Matapos ang recruiting, kasunod na ang orientation. Kinakailangan na maipaliwanag mo bilang leader ang overall mission at kung paano maa-accomplish ang mission, ito ay ang mga hakbangin na inyong gagawin tungo sa tagumpay. Ang orientation ay kailangang gawin upang magkaroon ng kaunawaan ang bawat isa patungkol sa iba't ibang bahagi ng misyon at upang maiwasan ang kaguluhan.

Ang huling bahagi ng organizing ay structuring. Ang structuring ay ang organization proper. Ito ang pagtatayo ng bahay mula sa pundasyon hanggang bubong o ang pagbuo ng isang skeleton at paglalagay ng mga laman nito.

Kung pagtutuunan naman ng pansin ang mga makakasama, upang maitatag ang isang epektibong organisasyon, kailangan malalim na pagkilala sa character, kakayahan at kahinaan ng mga miyembro. Ito ang makakatulong sa iyo upang matukoy ang role ng bawat isa sa structure.

Bilang isang leader, anong mga bagay ang iyong dapat isaalang-alang kung ikaw ay magrerecruit ng iyong mga makakasama sa iyong group or organization?

Basahin ang Mga Hukom 7. 

Paano in-organize ni Gideon ang kanyang mga kawal? Gamitin ang 3 bahagi na binubuo ng organizing.

Recruit

Orient

Structure

**2. DIRECT**

Ang isang leader ay director. Ang iyong pagiging director ay may kinalaman sa pagsasabi o pagpapakita sa iyong nasasakupan kung paano makakarating o maisasakatuparan ang isang gawa. Ang purpose ng pagbibigay direksyon na ito ay upang marating ang goal na itinakda sa inyong mission. Kabilang sa pagbibigay direksyon ay ang pagplaplano, pagpapatupad, pagtitimbang at pagsasa-ayos.

a. **Pagpaplano**

Ang pagpaplano ay ang pagmamapa ng lakbayin. Nakatala sa plano ang pagkakasunod-sunod ng aktibidad ayon sa panahon na itinakda para sa pagsasakatuparan ng layunin. Ito

ang pagsasagawa ng mga ninanais na resulta. Samakatuwid, ang plano ay may sistema o pamamaraan. Ito ay tiyak. Ito ay kayang maipatupad. Ito ay may direksyon o patutunguhan.

Sa pagpaplano siguruhin na ito ay matuwid. Ang mga napapaloob dito ay hindi taliwas sa tinuturo ng salita ng Diyos. Ito rin ay pinagiisipang mabuti at maingat na pinag-aaralan.

Tuwing ikaw ay magplaplano, makukutulong sa iyo na i-practice ang consultation, at deliberation processes bago ang decision making.

- Consultation - Sumangguni sa salita ng Diyos upang masiguro na ang gagawing plano ay matuwid at ayon sa Kanyang kalooban. Sumangguni din sa mga taong alam mo na may pagtitiwala at maalam sa salita ng Diyos. Ang babala sa Proverbs 15:22 na ang plano ay nabibigo sa walang kasanggunian subalit nagtatagumpay dahilan sa maraming tagapayo. Sa Proverbs 20:18 naman ay pinapaala na humingi ka ng payo kung ikaw ay magpapaplano, kung wala kang gabay huwag kang pumalaot sa labanan.

- Deliberation – Ito ay ang mahaba at maingat na pagsasaalang-alang o talakayan ng iyong nabasa mula sa salita ng Diyos at maging sa pakikipagtalakayan ng iyong plano sa mga taong sinangguni o tagapayo mo. Kung ang plano ay umaayon sa Salita ng Diyos, ito ay mapagkikilala at mahihimay-himay ng mga tagapayong may taglay na karunungan sa pamamagitan ng usapan at tanungan o deliberasyon.

Matapos ang consultation at deliberation, kailangan na ang pagdedesisyon. Ang produkto ng buong prosesong ito ay ang pagpapatupad o implementasyon ng napagkasunduang plano. Kung ang una't dalawang hakbang ay maingat na isinagawa, ang proseso ng pagdedesisyon ay magiging maayos at hindi mahirap. At ang mga desisyong ginawa na may kasamang pagtitiwala sa Diyos ay magbubunga ng kasiglahan.

Sa anong pagkakataon ng iyong buhay mo nagamit ang prosesong ito? Kung wala, magisip ng pagkakataon sa iyong buhay kung saan nagamit mo sana ang proseso na ito kung natutuhan mo ito noon. Maging specific sa iyong example at ihayag ang gagawin sa bawat process.

**b. Pagpapatupad**

Ang pagpapatupad ay ang actual na pagsasagawa ng iba't-ibang mga hakbang na binalangkas sa napagkasunduang plano. Ito ay nagsisimula sa pagtatapos ng mga prosesong pag-o-organize at pagpaplano.

**c. Pagtitimbang**

Ang pagtitimbang ay ang proseso ng paghahambing ng resulta sa ninanais na layunin. Ito rin ang pagtitiyak ng sanhi ng tagumpay, kakapusan o depekto ng mga ginawa o isinakatuparang mga hakbang. Ang panapanahong pagtitimbang ay kinakailangan upang makagawa ng mga hakbang na pagwawasto sa tamang pagkakataon nang sa ganoon ay magkaroon ng improvement or makagawa ng changes kung kinakailangan. Sa prosesong ito natutukoy at nabibigyang kalutasan ang mga problema.

**d. Pagbabago**

Ang masusing pagwawasto ay kinabibilangan ng rebisyon o pagbabago. Ang gawaing ito ay kailangan sa simpleng dahilan na tayo ay tao lamang na may mga kakulangan. Ang mga pagbabago, kung minsan ay hindi lamang kanais-nais kundi kinakailangan. Gayun pa man, kung tayo ay gagawa ng pagbabago, siguraduhin na ito ay para sa ikabubuti ng programa. Hindi dapat isagawa ang pagbabago para lamang magkaroon ng pagbabago o para makisabay sa uso. Ang pagbabago ay dapat lamang gawin upang mas magiging epectibo at mahusay yaong ating binabago. Sa pagkakaroon ng pagbabago, mahalagang isaisip ang matandang kasabihang: Kung hindi naman sira ay huwag ayusin.

Anong mga katangian ng leader ang masusubok sa bahaging ito ng mga katungkulan?

## 3. CONTROL

Ito ay may kinalaman sa kapangyarihang impluwensyahan o idirekta ang pag-uugali ng mga tao (ang iyong mga pinangungunahan) o ang takbo ng mga pangyayari. Ang paggamit ng control ay nagsisimula sa leader at ito ay binubuo ng tatlong bagay: Paghahanda, Pagpipigil at Pananagutan.

**a. Paghahanda**

Basahin ang Genesis 37, 39-41. 

Paano hinanda ng Diyos si Joseph bilang leader?

Paano ka hinahanda ng Diyos bilang isang leader?

Paano mo maaaring ihanda ang mga taong iyong pinapangunahan para sa leadership role?

Ang preparasyon para sa leadership ay hindi nangyayari lahat-lahat sa pag-attend lang ng leadership training o seminar. Hindi ito overnight at hindi rin ito isang bagay na kapag napa-saiyo na ay tsaka mo lang aalamin o pag-aaralan. Isaalang-alang mo kung paano inihanda ng Diyos si Joseph para sa gawaing hinarap niya.

**b. Pagpipigil**

Aling bahagi ng buhay ni Joseph ang kinakitaan mo ng pagpipigil sa sarli?

Bilang isang leader, hindi ka resistant sa trials, at tempatation. Lagi mo itong makakaharap. Ito ang pagkakataon na dapat ang leader ay may pagpipigil sa sarili. Kaya mong pigilan ang iyong sarili sa paglaki ng iyong ulo/pagiging mayabang, sa pagiging authoritative at hindi maayos na pagmanage ng resources lalo na kung may perang involved dito. Patuloy mong tinatahak ang nakasaad sa inyong plano at hindi ka basta nadi-diskaril sa panahong ito.

Sa kabilang banda, ang mahusay na tagapamahala ay nagpipigil sa kanyang mga pinapangunahan na mawala sa focus sa tuwing sila ay malulubak.

**c. Pananagutan**

Mahalaga ang accountability. Ang iyong mga pinapangunahan ay may pananagutan sa iyo bilang leader at ganun ka rin sa kanila bukod sa iyong leader din. Ang disenyo ng Diyos pagdating sa leadership ay ang bawat isa ay nasa ilalim ng gobyerno ng tao. Magmula sa pinakamaliit ng unit gaya ng family, papunta sa pinakamalaki tulad ng community or nation. At ang lahat ng ito ultimately ay may pananagutan kay Cristo Jesus, sapagkat ang lahat ng awtoridad ay ipinagkaloob na sa Kanya ng Diyos Ama (Matthew 28:16).

Kanino ka may pananagutan bilang leader?

**PAGBULAY-BULAYAN:**

1. Sa araling ito, ipinapakita ang napakahalagang mga katungkulan ng isang servant leader. Kung ire-rate mo ang iyong kakayahan na isakatuparan ang bawat bahagi ng mga katungkulang ito, anong rating ang ibibigay mo sa sarili? (10 ang pinakamataas at 1 ang pinakamababa.

| ORGANIZE | DIRECT | CONTROL |
|---|---|---|
| Recruit – <br> Orient – <br> Structure – | Pagpaplano – <br> Pagpapatupad – <br> Pagtitimbang – <br> Pagbabago – | Paghahanda – <br> Pagpipigil – <br> Pananagutan – |

2. Dahil nakita mo ang kahalagahan ng mga katungkulan ng isang leader, anong mga steps ang dapat mong gawin upang ihanda ang iyong sarili para ikaw ay maging competent na servant leader?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko | na ang mga katungkulan ng isang servant leader ay hindi biro, kaya: |

**Verse of the Day:**

Ang layunin namin ay gawin kung ano ang marangal, hindi lamang sa paningin ng Panginoon kundi maging sa paningin ng mga tao. **2 Corinto 8:21**